# ***Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 62***
## *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Filadelfia Yugto 1*

***''7 At sa anghel ng iglesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinoman, at naglalapat at di maibubukas ng sinoman: 8 Nalalaman ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.'' (Pahayag 3 :7-8)*** Ito ang sulat ni Jesus sa pang-anim na simbahan, ang simbahan sa Filadelfia, ang kahulugan ng Filadelfia ay pagibig sa magkakapatid. Ang simbahang iyon ay isang matagumpay na simbahan, at ginagawa ang kalooban ng Dios at nalulugod ang Panginoon sa simbahang iyon; sa kanilang pagibig sa Panginoon at sa mga kapatiran, at sa Kanyang gawain. Kung ano ang ibinigay ng Dios sa kanila ginagamit nila ang mga ito upang gawin ang mabubuting bagay sa Panginoon at gawing nalulugod ang Panginoon sa kanila. Habang Siya ay nalulugod sa kanila, bibigyang daan Niya pa sila na gawin ang mabubuting bagay para sa Kanya.

***Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal,*** dito ipinakilala Mismo ng Panginoon bilang Banal, at tayo na sumusunod sa Kanya ay mga banal; Hindi tayo ang Siyang Banal, kundi Siya ang Banal, ang Dios. Siya ang Dios na nagpakita sa laman, at tayo na sumusunod sa Kanya, Kailangan Niya sa atin na mabuhay tayo sa kabanalan at nais Niya tayong sumunod sa Kanyang halimbawa sa pagibig at kabanalan. *Nais ni Jesus na ibigin ang Kanyang gawain at ministerio at sa patuloy na paggawa ng mga ito kahit na tayo ay nasasaktan*.

Sinalita din ni Apostol Pedro ang tungkol kay Cristo at ipinakilala Siya sa mga Judío bilang Banal, ***''Datapuwa't inyong pinakatanggihan ang Banal at ang Matuwid na Ito, at inyong hiningi na ipagkaloob sa inyo ang isang mamamatay-tao,'' (Mga Gawa 3:14)*** Dito ang Panginoong JesuCristo ay ang Banal. *Kailangan nating gayahin ang Kanyang buhay kung paano Siya namuhay, upang gayahin Siya, at kailangan nating gawin kung anong nais Niya na gawin natin upang maging banal at ang Banal na bayan ng Dios.*

Patungkol sa Salitang ***''Ang Banal'',*** Ating basahin sa aklat ng ***Pahayag 4 :8-11,*** tungkol kay Jesus ang Banal, ***''8 At ang apat na nilalang na buhay, na may anim na pakpak bawa't isa sa kanila, ay mga puno ng mata sa palibot at sa loob; at sila'y walang pahinga araw at gabi, na nagsasabi, <u>Banal, banal, banal, ang Panginoong Dios, ang Makapangyarihan sa lahat, na nabuhay at nabubuhay at siyang darating</u>.9 At pagka ang mga nilalang na buhay ay nangagpupuri, at nangagpaparangal at nangagpapasalamat sa nakaupo sa luklukan, doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, 10 Ang dalawangpu't apat na matatanda ay mangagpapatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan, at mangagsisisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan na nangagsasabi, 11 Marapat ka, Oh Panginoon namin at Dios namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban ay nangagsilitaw, at nangalikha.'' (Pahayag 4:8-11)*** Si Jesus ay ***<u>ang Panginoong Dios, ang Makapangyarihan sa lahat, na nabuhay at nabubuhay at siyang darating.</u>*** Habang tayo'y naninindigan sa Kanyang Salita tayo ay tinawag upang tayo'y magtiis na mabuhay sa kabanalan at sa pagibig na magpatuloy sa Kanyang Salita.

***Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal,*** Narito ang mensahe ay dumating nang direkta mula sa Panginoong Jesus, ang Banal, at sinasabi sa simbahan na magpatuloy sa parehong daan ng Panginoong Jesus na dumating at nabuhay sa kabanalan at magpatuloy na magbigay ng Salita ng Dios at gawin ang gawain ng Dios at sa lahat ng kahandaan upang harapin ang pag-uusig at pagsalungat, sa kabila ng lahat ng pagsalungat at ang mga pagtanggi mula sa mga kaaway ng Dios, kahit sa kamatayan sa krus para sa ating mga kasalanan. *Tayo ay tinawag upang mamuhay sa kabanalan at sa pagibig at sa lahat ng kahandaan na magpatuloy na magtiis sa kabila ng lahat ng pagsalungat at ang pagtanggi at ang gawa ng diablo laban sa atin.* Ang simbahan ng Filadelfia ay nahaharap sa sinagoga ni Satanas naa sumasalungat sa gawain ng Dios at sa mga kapatiran ng simbahan ng Filadelfia.

***niyaong totoo,*** Si Jesus ang tanging katotohanan na maari nating asahan, pagtiwalaan at sundan. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon, ***''Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makapaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6)*** Kapag tayong naninindigan sa harapan ng Panginoong Jesus, Siya ang katotohanan, kinuha natin mula sa Kanya ang halimbawa sapagkat Siya ng ating Dios at Siya ang ating nakakatandang kapatid, Siya ang unang bumangon mula sa mga namatay, tinitingnan natin ang Kanyang buhay at ang Kanyang pinagdaanan, upang bigyan tayo ng halimbawa at ang pagtitiis na magpatuloy na magtiis sa paggawa ng gawain ng Dios at paglaban sa gawa ng diablo, at upang batahin, magtiis sa mga pagsubok at mga kaguluhan hanggang sa pagdating ng Panginoong JesuCristo upang kunin tayo kasama Niya sa Langit. *Susubukan ng diablo na guluhin tayo at salungatin tayo ngunit kapag tayo'y sumunod sa Panginoon at sundin Siya sa ating buhay. Itataas Niya tayo at tutulungan tayo sa ating buhay sa Kanya at ililigtas tayo mula sa lahat ng mga kaguluhan na sinusubukan ng diablo at yaong nasa kanya na sinubukang pighatiin tayo.*

***niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinoman, at naglalapat at di maibubukas ng sinoman:*** dito ipinakilala ng Panginoong ang Kanyang sarili sa simbahan na siyang may susi ni David, Ipinaalala Niya sa atin ngayon na ang panghuling salita ay nabibilang sa Panginoon at yaon ang buong mga bagay ay nasa kamay ng Dios, at hindi sa sinasabi ng mga tao o ng kanilang saloobin. O sa kamay ng mga kaaway, o sa diablo na sumasalungat sa atin at sumasalungat sa gawain ng Dios. Ang susi ay ang tanda ng kapangyarihan at si Jesus ay may susi ni David; na ang mga susi ng Kaharain ng Dios at ang mga susi ng katas-taasan, ang pinakamataas (kataasan, pangingibabaw, kadakilaan) at ang pamahalaan. Mababasa natin ang tungkol sa susi ni David sa ***Isaias 22:20-23, "20 At mangyayari sa araw na yaon, na aking tatawagin ang aking lingkod na si Eliacim na anak ni Hilcias: 21 At aking susuutan siya ng iyong balabal, at patitibayin siya ng iyong pamigkis, at aking ipagkakatiwala ang iyong pamamahala sa kaniyang kamay: at siya'y magiging ama sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa sangbahayan ni Juda. 22 <u>At ang katungkulan sa sangbahayan ni David ay iaatang ko sa kaniyang balikat; at siya'y magbubukas, at walang magsasara; at siya'y magsasara, at walang magbubukas</u>. 23 At aking ikakapit siya na parang pako sa isang matibay na dako; at siya'y magiging pinakaluklukan ng kaluwalhatian sa sangbahayan ng kaniyang magulang." (Isaias 22:20-23)*** Kung kanyang isara walang sinuman ang kayang magbukas at kung Kanyang buksan walang makakapagsara. Ibig sabihin walang sinuman ang kayang baliktarin ang kautusan ng Dios. *Saanman tayo inilagay ng Dios, walang sinumang makapagpapalit sa atin mula sa ligtas na lugar na inilagay sa atin ng Dios upang gawin ang Kanyang gawin at paglingkuran Siya.*

Mababasa rin natin ang tungkol sa susi ni David at ang luklukan ni David sa Lucas nang ipinahayag ng anghel kay Maria ang kanyang paglilihi kay Jesus, ***"31 At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang JESUS. 32 Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: <u>at sa kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama</u>: 33 At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magkakawakas ang kaniyang kaharian." (Lucas 1:31-33)*** Si Jesus ay ang Hari at maghahari sa luklukan ni David sa lahat ng Kaharian ng Dios.

Dito sa Salitang ito, Si Jesus ay ***sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David,*** ay dumating at hinihikayat ang simbahan ng Filadelfia, ang matagumpay na simbahan na magpatuloy at paglingkuran Siya at patuloy sa parehong daan na itinalaga Niya para sa kanila. Dito ang simbahan na tumatayo sa panahon ng panggigipit at ng banta ng mga kaaway at ng mga Judio, ang Panginoon ay dumating at hinihikayat ka ngayon na patuloy na manindigan laban sa ganoong pagsalungat, mga banta at pag-uusig, at sinasabi Niya sa iyo na Siya ay may susi ni David, ang susi ng pamahalaan at ang mga susi ng Kaharian ng Dios; ang kahikahikayat na Salitang ito upang gawin kang matatag at alalayan ka.

Ang Panginoong JesuCristo sa aklat ng Mateo ay ipinahayag kay Apostol Pedro pagkatapos niyang ipagtapat na si Jesus ay ang Anak ng Dios, sinabi ni Jesus sa kanya, ***"18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya. 19 <u>Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit</u>; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit." (Mateo 16:18-19)*** Dito ang susi ni David ay ang mga susi ng Kaharain ng Langit. Ibibigay Niya sa matagumpay na simbahan ang kapamahalaan upang patuloy na labanan ang diablo at ang mga ginagamit nito, at mga gumagawa ng masama na sinusuportahan ang mga gawain ng masama.

Mababasa natin din sa ***Pahayag 1:17-18,*** nang nakilala ni Juan ang Panginoon sa pangitain, ito ay nangyari at sinabi ng Panginoon sa kanya, ***"17 At nang siya'y aking makita, ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan. At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli. 18 At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades." (Pahayag 1:17-18)*** Ipinahayag din dito ni Jesus na Siya ay may susi ng Hades at ng kamatayan. Kaya si Jesus ay may mga susi ng pamahalaan at mga susi ng Kaharian ng Langit at ang mga susi ng impierno at kamatayan. Kaya ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. At ibibigay Niya sa atin ang kapangyarihan at kakayahang maghari at mamahala kasama Niya ayon sa Kanyang Salita at mga tuntunin kung tayo ay tatalima sa Kanya. Ibibigay Niya rin sa atin ang daan upang makapasomk sa Kaharian ng Dios, pati na rin ang pagsara at pagkandado Niya sa harapan natin ng impierno at kamatayan.

*Kaya dito ay hinihikayat ng Panginoon ang simbahan na ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang kamay at Siya ang may buong kontrol. Sinasabi Niya sa kanila at sa atin ngayon, sa Kanyang kamay ang mga susi para walang hanggang buhay at ikaw ay makakapsok sa buhay na walang hanggang dahil ang mga susing ito ay nasa Kanyang mga kamay. Sinasabi Niya sa kanila at sa atin ngayon, na sila'y hindi makakapasok sa impierno at sa kamatayan sapagkat ito'y pinanatili para sa kanilang mga kaaway, para ss diablo at sa mga gumagawa kasama ng diablo*. Pati na rin sinasabi ng Panginooo sa kanila at sinasabi sa atin ngayon na tayo'y maghahari at mamahala kasama Niya sa panahon ng Milinieum na paghahari. Kaya dito binibigyan tayo ng Panginoon ng lakas ng loob na patuloy na maglingkod sa Kanya at gawin ang tama, kaya patuloy nating gawin ang gawain at

walang takot at walang panghihina ng loob at patuloy na ibigin at mamuhay sa kabanalan gaya ng simbahan sa Filadelfia ipinapahayag ang patuloy na pagibig sa kapatiran at nilalabanan ang diablo at gawain nito at sa mga gumagawa kasama niya. *Magagawa din nating paglabanan ang mga pagsubok at kaguluhan at malalabanan natin ito kung patuloy nating isasagawa ng may pagibig, sa pagibig sa Panginoon, at sa pagibig sa mga kapatiran at sa pagibig sa gawain ng Dios, at sa pagibig sa pamumuhay sa Salita at ibigay ang Salita ng Dios sa mga nakapalibot sa atin.*

***"8 Nalalaman ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan." (Pahayag 3:8)***

***Nalalaman ko ang iyong mga gawa:*** Narito hinihikayat ng Panginoon ang simbahang ito at sinasabi sa kanila ang positibo at ang malakas na mga puntos sa simbahang iyon, na kanilang mga gawa, Sinasabi Niya sa kanila,

***Nalalaman ko ang iyong mga gawa,*** hindi lamang gawa kundi mga gawa, ang mga gawa na naunang inihanda ng Dios para sa kanila, pati na rin sa atin inihanda nang maaga ng Panginoon ang ilang mga gawain para sa atin na kailangan nating gawin at gawin ang mga ito, Kapag sinasabi Niya sa kanila, ***Nalalaman ko ang iyong mga gawa,*** sinasabi ng Banal na Espiritu, may kamalayan ako sa lahat ng mabubuting gawa na ginawa mo para sa akin, at para sa lahat ng iyong pagdurusa at ang sakit na iyong tiniis alang alang sa akin, at aking gagantimpalaan ka nang ganap para doon.

***narito,*** Sinasabi ng Dios sa kanila at sa atin ngayon, abangan ang mga binuksan ko para sa iyo.

***inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman, na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.*** Dito ang simabahan ay tinupad ang Salita ni Jesus, at iningatan ang Salita ng Dios, at may panggigipit na inilagay sa kanila na baguhin ang Salita ng Dios, ngunit hindi sila nakipagkompromiso sa kanilang kaaway upang bawasan ang panggigipit sa kanila habang patuloy silang naninindigan sa Salita ni Jesus. Sila'y hindi sumuko sa panggigipit sila'y hindi nakipagkompromiso sa mga gumagawa ng masama, at hindi nila hinayaan ang maling gawain at pakikipagkompromiso sa paglilingkod at ministerio ng Dios, kundi tinupad nila ang Salita ng Dios at hindi nila itinanggi ang Salita ni Jesus, kundi sila'y nagpatuloy na ipahayag na ang Panginoong JesusCristo ay ang tunay na Dios at Siya ay ang Banal at Siya ang katotohanan at ang daan at ang buhay at walang tawaran tungkol doon, at walang ibang tao kasama Niya na magbibigay ng walang hanggang buhay. Sinabi Niya sa kanila sa talata 10 ***"Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa." (Pahayag 3:10 KJV)*** Ang mga mangggawa at namumuno ng simbahang iyon ay mga taong may kahinahunan, sila'y nagtiis sa panggigipit, at tiniis sa panahon ng mga pagsubok, kahit sa mga panggigipit sa kanila na nagtagal ng mga taon ngunit sila'y nagpatuloy, sa kanilang pagibig, sa kanilang gawain at sa paglilingkod at sa gawain ni Jesus.

Pagkatapos kilalanin ng Panginoong Jesus ang kanilang mabubuting gawa at ang kanilang ginawa, ipinangako Niya sa kanila ang mga sumusunod: ***inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman:*** Sinabi Niya sa kanila, sa matapat na simbahan, ang simbahan sa Filadelfia, na abangan at tinggnan na inilagay Niya ang pintuang bukas sa kanila at walang magsasara ng sinuman.

Ano ang pintuang ito na walang sinumang makapagsasara? Ang bayan ng Filadelfian ay matatagpuan sa ibang mga bayan na ating tinalakay sa mga simbahan sa kanila, ay konektado at nakikipag-ugnayan sa ibang mga bayan sa sanglibutan sa palibot nila sa mga daan. Ngunit kung pag-aaraln natin ang heograpiya ng rehiyon kung saan matatagpuan ang bayan ng Filadelfia kasama ang natitirang anim na bayan kung saan ipinadala ni Jesus ang Kanyang sulat sa kanila, ang mga bayan na ito ay matatagpuan sa parehong daan. Ang pitong mga bayang ito ay konektado sa panlabas ng sanglibutan ng parehong daan. Ano ang daang ito at ano ang kahalagahan nito? *Ang daan o ang pintuan na binuksan at ang pintuan ng pag-eevangelio, dahil ang koneksiyon ng simbahan sa labas ng sanglibutan ay napakahalaga hindi dahil lamang para sa ekonomiya at sa benepsiyo at sa pagakamit sa pananalapi sa pamamagitan ng pangangalakal at pagtanggap ng mga mapagkukunan, kundi ito rin ang pagkakataon para sa pag-eevangelio.*

*Pinahahalagahan mo ba ang mga bagong pagkakataon na binuksan ng Dios para sa iyo na mag-evangelio at maabot ang mga bagong tao? Kahit sa iilang tao na pinahihintulutan ng Dios na abutin mo? Npagtanto mo ba na ang pag-aaklas ng ginagawa ng kaaway laban sa simbahan, ang Panginoon ang magpapawalang-bisa nito as pamamagitan ng mga bagong pagkakataon na Kanyang binuksan upang mag-evangelio?*

Ang simbahan sa Filadelfia ay dumadaan sa panggigipit at mga suliranin, at ako at ikaw ay dumadaan sa panggigipit at sulirain, at naiisip ko rin na walang tao sa buong Bibliya na naglingkod sa Panginoon at sumunod

kay Jesus ay hindi nagkaroon ng malaking mga kagulugan at iba't ibang uri ng mga problema, problema sa pamilaya, problema sa mga kapitbahay, problema sa pamahalaan, mga digmaan, problema sa kalusugan, atbp.

Ang mga problema ay may iba't iban uri ngunit ngunit sa huli ito ay nakasalalay sa iyo. Iniibig mo ba ang Dios, at handa ka bang mgapatuloy sa paglilingkod sa Panginoon? Kung nagpasya kang maglingkod sa Panginoon, tiyakin mong ang mga problema, pag-uusig, karamdaman, hadlang at digmaan ay hindi hahadlang sa iyong paglilingkod sa Panginoon dahil ang binuksang pinto ay bukas sa iyong harapan, at walang sinuman ang makakapagsara, kung ibig mong malingkod sa Panginoon at kung ibig mong gawin ang ministerio ng Dios.

Palaging kong idinadalangan sa Panginoon, 'Panginoon buksan mo ang pintuan para sa akin,' Kung nais mong ipanalangin ako, at ako'y may kamalayan na marami ang nanalangin para sa akin na magkaroon ng mabuting kalusugan at kalakasan, probisyon, mga mapagkukunan at proteksyon, ako'y nagpapasalamat sa iyo at ako'y nangangailangan ng lahat ng iyon, ngunit pakiusap ipanalangin mo ako ng taimtim na buksan ng Dios ang pintuan para sa akin upang mag-evangelio. Maari tayong magtiis sa mga pagsubok at problema kapag patuloy tayong maglilingkod sa Panginoon at kapag patuloy nating ibinibigay ang Salita ng Dios sa mga bagong tao na inilalagay ng Dios sa palibot natin.

Mababasa natin ang tungkol sa bukas na pintuan, ang malaking pintuan na binuksan ng Panginoon sa ***1 Corinto, "8 Datapuwa't ako'y titigil sa Efeso hanggang sa Pentecostes; 9 Sapagka't sa sakin ay nabuksan ang isang pintuang malaki at mapapakinabangan, at marami ang mga kaaway." (1 Corinto 16:8-9)*** Narito sinabi ni Pablo sa mga taga- Corinto sa kanyang sulat na siya ay mananatili sa bayang ito ng Epesus hanggang sa araw ng Pentecoste. Bakit siya mananatili doon? Hindi dahil sa ang panahon ay mabuti, at minamahal siya ng mga tao, at ang mas mababa ang gugulin sa pamumuhay at wala siyang problema doon. Hindi, dahil sa ganoon, kundi dahil mayroon isang dakila at epektibong pintuan na binuksan para sa kanya at maraming mga matitigas ang ulo at sumasalungat sa kanya. *Wala ka bang kamalayan na ang maraming tao na nakapalibot sa iyo na sumasalungat sa iyo ay ang pintuan ng Dios para sa iyo upang ipangaral ang Salita ng Dios? Palagi nating ginagawa ang lahat ng ating makakaya upang takasan ang mga taong matitigas ang ulo at sa mga sumasalungat sa atin, Ngunit ngayon tiyakin na ang mga taong matitigas ang ulo at sumasalungat sa iyo ay ang epektibon at ang bukas na pinto na binuksan ng Dios sa iyo upang ipangaral ang Kanyang Salita, at ang pintuang iyon sa kabila ng lahat ng pagsalungat at sa mga kahirapan ay walang sinumang makakapagsara nito sa harapan mo*. Kailangan nating manatili hanggang sa Pentecoste, ang Pentecoste ay ang araw na ipinadala ni Jesus ang Banal na Espiritu upang puspusin ang Kanyang mga alagad, ang 120. Ang araw ng Pentecoste ay 50 araw mula sa pagkabuhay ni Jesus. Kailangan nating magtiis at manatili kung saan tayo naroroon hanggang ang Banal na Espiritu ay mauna sa atin upang bigyang-daan tayo na madaig ang kapangyarihan ng kadiliman na kumikilos laban sa atin. *Kung nais ng Dios na manatili ka sa isang lugar at nais Niya kang mag-evangelio, walang kapangyarihan na makakayang pahintuin ka mula sa paggawa niyon at walang kapangyarihan na makakatalo sa iyo. Aalalayan tayo ng Banal na Espiritu upang manatili kung saan nais ng Dios na manatili tayo*. Hindi nila kayang manaig sa simbahan ng Filadelfia. Ang mga Judio at ang mga bulaang mga Cristiano na tinatawag na mga sinagoga ni Satanas ay ginawa ang lahat ng kanilang makakaya upang pahintuhin ang simbahang iyon ng Filadelfia ngunit hindi kayang sarhan ang mga bibig ng mga kapatirang Filadelfian mula sa pangangaral at pag-abot sa sanglibutan mula sa simbahan ng Filadelfia sa pamamagitan ng pintuan na binuksan ng Dios para sa kanila upang ipangaral ang Kanyang Salita.

***Sa aking mminamahal:*** Atin ngayong ipangako ang ating sarili sa Panginoon, hilingin nating puspusin tayong muli ng Banal na Espiritu upang makaya nating manindigan upang makaya natin labanan ang kapangyarihan ng kadiliman at upang mag-evangelio at abutin ang bagong mga tao na tatanggapin si Cristo at palayain mula sa kapangyarihan ng kadiliman, kasalanan at impierno at maligtas sa pangalan ni Jesus.

***Aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat sa iyong Salita na humikayat sa akin ng lubos upang magpatuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ipangaral ang evangelio ni Jesus. Itakwil ngayon ang lahat ng iyong panghihina ng loob at takot at ipangako ang iyong sarili sa Panginoon na yumaon sa bukas na pintuan ng pagsalungat at patuloy na ipangaral ang Kanyang Salita sa lugar kung saan ka Niya inilagay. Panginoon muli kong ipinagkakatiwala ang aking buhay sa gawain na ipinagkatiwala mo sa akin na yumaon at ipangaral ang evangelio at mag-evangelio sa mga taong inilagay mo sa palibot ko.*

*Panginoon, ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na tinanggap ang iyong Salita, at ipinagako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka. Panginoon bigyan sila ng katapangan at kalakasan ng loob upang ipangaral ang iyong salita, Panginoon protektahan mo sila mula sa lahat ng mga paglusob ng masama at panatilihin sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon gamitin ang kanilang buhay upang ipangaral ang evangelio at dalhin ang iba sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang isang simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal n Espiritu at ibigay sa amin ang Banal na Espiritu na kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon ipaglaban mo kami laban sa kapangyarihan ng kadiliman. Panginoon kami'y nanalangin na bigyang-daan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa Kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 62. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Filadelfia Yugto 1. Pahayag 3:7-8. Mga Gawa 3:14. Pahayag 4:8-11. Juan 14:6. Isaias 22:20-23. Lucas 1:31-33. Mateo 16:18-19. Pahayag 1:17-18. I Mga Taga Corinto 16:8-9.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com